

PROLOGUE

Kapapasa lamang ni Adry sa board. Dumerecho kaagad siya sa *Greenbelt* para bumili ng pabango na ilang taon na niyang tinatangkilik. Sa haba ng panahong iyon, binansagan na nga siya ng mga sales lady bilang ‘Mr. Perf’ at tuwing papasok siya ay iaabot na sa kanya ang isang bote ng pabango.

Noong araw na iyon, hindi ganoon ang nangyari. Kaya pumunta siya sa parte na kinalalagakan ng kanyang pipiliin. Nakita niyang nag-iisa na lang iyon—bote ng tipo niyang *Boucheron*.

Dadamputin na sana niya ang bote nang biglang may mestiza na kamay na sumabay sa kanyang pagkuha. Napatingin siya sa babae at napatigil.

“Kukunin mo ba?” tanong nito.

“Ah, no... take it.”

Ngumiti ang babae at parang kidlat iyon na kumuryente kaagad sa katawan ni Adry. Tumango ito at umalis.

“Hey, may... may I know your name?” sigaw ni Adry.

Crazy Love - Camille Uy

Ngumiti ang babae. “I don’t really give my name that easy.” Umalis din ito kaagad at sa unang pagkakataon, iniwan siya ng isang babae nang ganoong kadali.

Iyon na ang huli niyang pagkakita sa dalaga. Ni hindi na nga niya masyadong matandaan ang mukha nito. Simula rin noon ay nag-shift na siya ng brand dahil palaging ubos ang stock sa tuwing dadating siya at bibili sa *Boucheron*.

1

Lumabas si Adrian Carlos de Chavez mula sa main airport building hila ang trunk at hawak sa kabilang kamay ang cellphone. Labingpitong oras din ang biyahe niya mula London hanggang Manila at wala pa siyang matinong pahinga mula nang dumating siya roon noong isang linggo.

“Jep, alam kong mahirap kontrolin si Crys, pero lalaki ka naman,” may halong biro ang pakiusap niya sa kausap sa telepono.

“Adry, I can’t believe you’re leaving to me what should have been *your* responsibility to that girl, in the first place. Kung tutuusin nga, I’m already helping you avoid your affairs.”

“Hindi siya responsibility, all right,” ani Adry. Hindi pa rin siya nasanay na kapag relasyong babae-lalaki ang pinag-uusapan nila ni Jep, laging may salitang responsibilidad na nakasingit.

“Sabi niya kanina, your phone’s always off.”

“Desperado ako sa tulog. Please naman, give me a break. Buti ikaw magaan ang trabaho mo. Ako? Hindi ko na alam ang clear position ko kay Pa. Just...

just keep her away from my condo.”

“You so owe me.”

Napangiti si Adry sa kapatid. “Yan ang mabait na kapatid. Salamat po, Attorney.”

“Nasaan ka na ba?”

“Nasa bayang sinilangan na ako. Tell Papa that I’m going to the building first, then I’ll take the whole day off.”

“God, I’m doing this all for a mechanic.”

“Sue her if you get irritated.” Ngumiti lang si Adry at ibinulsa na ang phone. May bumusina sa kanya na sasakyan at nakita niya ang kanyang *Audi* ilang metro mula sa kanyang kinatatayuan. Hila ang mga gamit, nilakad niya ang distansya at binuksan ang side door ng sasakyan. Si David ang nakita niyang driver niyon.

Binuksan ni Adry ang compartment at inilagay roon ang trunk sabay sakay sa sasakyan. Tumakbo ang *Audi* patungo sa Makati habang hindi magawang makatulog ni Adry kahit solong-solo niya ang likuran.

“Kumusta ang U.K.?” tanong ni David. Dalawampung taon nang naglilingkod ito sa pamilya at itinuring na ni Adry na parang matandang kapatid.

Ang asawa nito ay nagtatrabaho rin sa bahay nila bilang helper.

“Ayos naman po,” sagot niya. “How’s Mama?”

“Malakas pa. Ang tanungin mo, kumusta na ang mga babae mong makukulit.”

“Si Crys lang naman ang—”

“Si Ma’am Bianca din, laging nasa bahay. Muntikan na ngang magtagpo ang dalawang iyon.”

“Pero hindi nasabi sa akin ni Jep...”

“Si Ma’am Crys po ay kay Jep tumatawag. Si Bianca naman po ay kay Ma’am Elise.”

Napabuntong-hininga na lamang si Adry. Kadarating lang niya sa Pilipinas ay sinasalubong na kaagad siya ng mga sakit ng ulo. Mga babaeng sakit ng ulo. Ayos lang sana kung si Jep ang kinukulit. Ang pangatlo sa kanilang triplets na si Dra. Elise ay isa sa mga babaeng hindi niya makasundo pagdating sa mga relationships.

Ganoon si Adry, hindi masyadong seryoso sa babae. Hindi siya ang tipo ng lalaking hahagulhol para lamang balikan ng babae o hindi kaya ay patawarin siya. Hindi naman sa ma-pride siya. Ayaw lang niya ng hassle lalo na sa babae. Habang naakit pa siya sa

katawan o di kaya ay sa mukha, dinadala lang niya ang bawat araw sa kagustuhan niya. At lalong hindi sira para pumasok sa isang malalim na relationship.

Bumaba siya sa tapat ng building nila sa Ayala, at kaagad binati siya ng security guard na nagbabantay ng main entrance, na sinagot naman niya sa kanyang pagod na boses. Pakiramdam niya, dugo na sa kapulahan ang kanyang mga mata at lantang gulay na ang katawan niya. Sumakay siya ng elevator patungo sa tenth floor at pagkalabas ay dumerecho sa opisina.

Ilan sa mga nakakilala sa kanya ang bumati. Sanay na siya. Beinte cinco años pa lang siya ay parang stockholder na siya ng kompanya. Parang lang, pero hindi. Pinasok niya ang kanyang opisina at nakitang tila nag-aalala na ang sekretarya niya nang siya ay salubungin.

“Sir, I’m so sorry...” sabi ng dalagang sekretarya.

“I’m really not in the mood for this,” ani Adry at binuksan ang pinto.

Si Adrian ay isa sa mga de Chavez triplets na kapwa may magagandang trabaho. Sa tatlo, tanging siya ang hindi nasunod ang pangarap. Si Justin Europa de Chavez o Jep ay nag-AB Economics sa *Ateneo* at dinerecho sa abogasya. Si Elise Cleofe de

Chavez naman ay nakapasa sa Intermed ng *University of the Philippines* at ngayon ay nasa *St. Luke's* na. Si Adrian? Nag-mechanical engineer siya sa *Mapua* dahil sa kagustuhan ng ama. Ang papa niya ay siyang presidente ng *Vevo Cars, Inc.*, isang kompanya ng pagma-manufacture ng kotse sa Pilipinas. Itinatag pa ito ng kanyang lolo.

Ang maternal grandfather ni Adry ay Ingles at doon sila sa London lumaki na magkakapatid. Doon niya rin namana ang kakaiba nilang mga mata, kulay-asul.

Pagbukas ng pinto ni Adry, nakita kaagad niyang nakaupo sa silya ang isang babaeng may mahabang buhok at maputing kutis.

“What’re you doing here?” tanong kaagad niya. Isinara niya ang pinto at lumapit sa kanyang mesa.

“You’re here na pala, Baby.” Tumayo ang babae at lumapit sa kanya.

“Look, I’m sorry. I’m so damn tired, Bianca,” sabi ni Adry at pabagsak na umupo sa sariling bangko.

Kumandong ito sa kanya at hinalikan siya. “You’re so cute kapag pagod ka.”

“Don’t disturb Elise again, please.”

“I didn’t disturb her. Tinanong ko lang kung nasaan ka na.”

“Ano’ng sabi niya?”

“Well, she said you would be here today so I decided to check your office, but I seemed to be too early for your welcome.”

“Hindi ka naman tinarayan or...?”

“Her voice was pretty prompt and sharp. She said she’s assisting a bypass...”

A bypass? ulit ni Adry sa sarili. *Oh, great!* Hiling na lang niya ay magkasunog sana sa gusali para may rasong ilaglag niya sa sahig si Bianca.

Maayos naman ang naging takbo ng pakikipag-usap ni Adry sa British clients nila. Nai-close niya ang deal at kailangan na lang ng pirma ng mga mas nakakataas sa kanya. Wala siyang kasama sa meeting at kinabahan siya nang binomba siya ng mga tanong tungkol sa sales at profit expectations. Hindi siya Business Administration graduate at mekaniko siya ng lumalaking kompanya. Pero gamit ang kanyang husay sa pagsasalita at *uncommon* common sense, nailusot niya iyon.

Noong gabing iyon, sinalubong siya ni Elise ng mabibilis na salita. Mabuti na lang at neutral si Jep.

“Your stupid girl called me in the middle of an assistance to a heart operation this morning just to ask where the hell you are!”

Nakangiti lang si Jep at patuloy sa pagkain ang kanilang mga magulang.

“Elise,” paalala ng kanilang ina. “We’re having dinner.”

“Sorry na, Sis,” suyo ni Adry na medyo pinipigilan ang ngiti. “I can’t help it if girls would risk the lives of others just to know where the hell I am.”

Tumawa si Jep at ang kanyang ina. Napatingin naman ang ama nila sa kanya na para bang hindi malaman kung matutuwa at sobrang guwapo ng anak, o tatahimik na lang dahil ito ang pinagmanahan niya.

Tinaasan siya ni Elise ng kilay.

“Sis,” sabat ni Jep. “He’s not like you. He’s not like me either. Hangga’t hindi pa andropause si Adry, pagpasensyahan mo na lang.”

“That’s the point. Why can’t he be like Fred?” tukoy nito sa sariling nobyo.

“It’s simple really,” ani Adry matapos uminom. “I’m not in love with a crazy cardiologist-to-be who can kill a patient if her fiancé were to dump her.”

“Carlos,” sabat ni Ma. “Ikakasal na ang kapatid mo. Would you stop saying words like that?”

“Fine. Sorry again.” Umiling na lang si Adry. Nang hindi na sumagot si Elise at ipinagpatuloy na ni Jep ang pagkain, pumasok na sa eksena ang kanilang ama.

“Well,” sabi niya. “Adrian, you’ve made the company richer this week, ah.”

“Thanks. I did not enter this career for nothing.”

Sa isang punto, alam ni Adry na tinamaan ang ama sa sinabi niya. Hanggang ngayon ay may kaunting hinanakit pa rin siya dahil hindi siya ang nasunod sa kung anong gusto niya sa buhay. Ngunit itinago na lamang iyon ni Adry dahil hindi rin naman niya lubusang matiis ang ginoo.

Tinawag siya ng katulong at inanunsyo ang pagdating ng kaibigan niyang si Jun-Jun. Nag-excuse siya sa kapamilya, lumabas ng dining room at dumerecho sa hardin kung saan, ayon sa maid, naroon ang bisita. Doon, may isang dining set na yari sa metal katabi ng pool. Nakaupo roon ang

isang lalaki na may kausap sa cellphone. Umupo siya habang patuloy sa kanyang phone conversation si Jun-Jun.

Ibinulsa ng huli ang telepono nang matapos makipag-usap at saka humarap kay Adry. Si Juan Justinio Cruz ay sing-taas at sing-edad niya. Matalik na magkaibigan ang dalawa simula high school at nakatapos ng BS ECE sa *Mapua*. Medyo makapal ang buhok nito at habulin din ng mga dalaga. Ngunit kung ikukumpara sa kanya, mas seryoso ito at matino sa pakikipagrelasyon. Hindi tulad ni Adry, lima pa lang ang nagiging girlfriend ni Jun-Jun; ang pinakamaiksi ay limang buwan ang itinagal.

“Lalabas ba tayo ngayon?” bungad ni Adry.

“Ewan. 'Kaw? Pero parang ayaw ko muna ngayon.”

“Basted ka ba?” Tiningnan niya ang kaibigan. Nakatingin lang ito sa sementadong tennis court malapit sa pool. Agad niyang nalamang tama ang hinala niya. “Eh, sira ka pala,” agad na sabi ni Adry nang hindi ito sumagot. “Ba’t mo hinayaang—”

“Adry,” putol ni Jun-Jun sabay buntong-hininga. “Stop it. Nasira na nga ang lahat ’tapos palalalain mo pa.” Halatang masama na ang mood nito.

“Bakit daw ba?”

“Don’t know with her. Kung alam ko ba, pakakawalan ko na lang nang ganoon ’yun?”

“As if naman naging kayo talaga. Jun, don’t take girls seriously kasi. Kung posible nga, tirahin mo na lang.”

“Like what you’re doing?” Tumingin ito sa kanya. “Ang pangit naman kung katawan na lang lagi at mukha ang habol ko sa babae.”

“It’s not that bad.”

“I won’t take advice from someone who *more-than*-snogged every girl he dated,” patuloy ng kaibigan. “Ba’t kasi hindi mo na lang gayahin ang sister mo. Ikakasal na kay Fred three months from now. Si Jep naman may super-gandang nobyang naghihintay lamang na yayain ng kasal. Ikaw? You can’t make yourself be satisfied with just one. You just have to taste almost every *creep* who comes your way.”

Umasim ang mukha niya. “Galing mong magkumpara ng magkakapatid.”

“Oh, come on, Adry. Hindi naman sa pinu-push kita. Your doings are simply immature.”

“Ako? Immature?” Napatawa lang siya.

“Someday, Adry,” ngumiti si Jun-Jun at sumandal sa silya, “you’ll really stick with one. At kadalasan, ’yung instances na ganoon ay mahirap nang takasan.”

Tumayo siya, napailing sa kasiraan ng ulo ng best friend niyang unang beses pa lang nabasted ng babae. *Ganoon pala kung magsalita ang isang lalaking nabasted.*

“S’an ka pupunta?”

“Hindi lang ako. Tara, I’ll buy you a drink ’tapos derecho tayo kay Mark. Tatal nasa Palawan naman si Mao,” tukoy niya sa dalawa pa nilang kabarkada.

2

Kinabukasan ay pumasok si Adry sa opisina at gaya ng dating mga araw, kailangang pumunta siya sa kanilang pagawaan sa Calamba para i-check ang production doon. 90's nakilala ang kompanya at simula noon ay progresibo ang paglaki ng negosyo nila. Sakay ng kanyang *Audi*, binaybay niya ang *SLEX* at lumiko patungo sa destinasyon. Gabi na siya nakabalik sa main office; sinalubong agad siya ng kanyang sekretarya.

“Sir,” sabi nito habang hawak ang isang papel. “Tumawag po si Sir Jun-Jun. Pinasasabi po n’ya na pupunta raw po kayo sa *Meralco Theater* mamayang seven.”

Kumunot ang noo ni Adry. Napaisip tuloy siya at kinuwestyon ang sarili kung may nakaligtaang pangako sa kaibigan. Sa pagkakatanda niya, hindi naman masyadong mapaghingi ng pabor ang kaibigang iyon. Baliktad pa nga.

Pagkapasok sa opisina, tinawagan niya agad si Jun-Jun. “Jun. Ano ba ’yung—”

“Adry, you’ve got to accompany me mamaya.

She's playing this seven." Alam niyang ang babaeng nililigawan nito ang tinutukoy nito.

Napailing siya. "Nasisiraan ka na talaga ng bait, Pare. Akala ko ba basted ka na?"

"I swear I won't stop unless kami na. Just... come with me mamaya. I can't go there without a back-up. Then, we'll go to Mao's place. Kadarating lang niya kanina."

Naalala niya ang nobya. "But I promised Crys I'll meet her tonight."

"Adry, desperado talaga ako! Madali lang. Mga half an hour lang. Ako na ang bahala sa entrance basta samahan mo lang ako."

Walang nagawa si Adrian. Noong isang gabi lang ay halos maawa na si Mark kay Jun-Jun dahil sa nangyari rito. Ngayon, naguguluhan siya. Pag-big pa ba iyon o obsession na?

Nagkita sila sa parking lot ng *Meralco Theater*. Naka-long-sleeved polo at leather shoes si Jun-Jun. Napilitan lang talaga siya at hindi niya gustong makita ang nililigawan ng best friend niya.

"O, ano'ng meron dito?" tanong niya.

"May concert ang *National Philharmonic* dito,"

sagot ni Jun-Jun.

“What even got into to you to like this girl, Pare? Madaming naghahabol sa ’yo ‘tapos you fell in love with a boring guitarist who has a weird job in an orchestra?”

“She’s a *cellist*, Dude,” sagot ni Jun-Jun.

Umupo silang magkatabi at nag-umpisa si Adry na siraan ang nililigawan ng kaibigan. “She’s a graduate of Conservatory of what? Hay naku, she’s a probably a boring, simple virgin.”

“Pare, ilang beses din kitang ginanyan sa mga babae mo, so I respect your comments now. But I already made my choice.”

Bahala ka na nga. Nagdilim ang buong bulwagan at sa harap nila ay tumugtog ang orchestra. Medyo humikab si Adry. Itinuro sa kanya ni Jun-Jun kung nasaan si Rianne de Guzman at medyo natanaw ng dalawa ang babae. Hindi niya ito masyadong mamukhaan kaya isinara na lang niya ang kanyang mga mata at medyo napaidlip.

Ginising siya ng best friend makalipas ang dalawang oras.

“Shit,” mura ni Adry nang malamang alas nueve

na pala at huli na siya para sa dinner nila ni Crys.

Nakaalis na si Jun-Jun sa upuan nito. Natagpuan niya ito malapit sa back stage at tinatawag siya. Nagsisialisang na ang mga tao at kahit medyo dismayado, sinundan ni Adry ang best friend patungo sa back stage.

Sa isang banda, may kaunting benepisyo rin naman ang pagkakatulog niya—magagalit si Crysanthem Buena sa kanya at maghihiwalay na sila nang tuluyan. *Salamat, Jun-Jun.*

Nakarating ang dalawa sa may labas ng kuwarto ng mga babae. Sumandal si Adry sa dingding habang naghihintay si Jun-Jun sa paglabas ni Ria.

“Are you really serious with her?” tanong niya.

“I’ve never been so in love with someone before,” sagot nito. May lumabas na isang babae na hindi masyadong nakita ni Adry dahil natatakpan ito ng kanyang kaibigan. Nag-usap ang dalawa nang ilang sandali nang biglang mag-ring ang cellphone niya. Hinugot niya iyon mula sa bulsa, pero habang ginagawa iyon, may naamoy siyang pabango... *God, it’s so familiar.*

“Crys?” aniya sa telepono.

“Don’t play innocent with me, Adrian. Where are you na? I’ve been here for two long hours!”

“Oh... I forgot, Crys. Sorry talaga. I didnt realize the time...”

“Oh, my God, Adrian! I’m starting to think you’re cheating on me!”

“Don’t be silly.”

“If you don’t come here now I’m calling it quits!”

Medyo ngumiti si Adry. “Then... do as you wish.” Pinutol na niya ang usapan halos kasabay niyon ang pag-akbay sa kanya ni Jun-Jun at tinulak siya palabas ng backstage. Tinapunan niya ng tingin ang seryosong mukha nito. “Bakit? Ano’ng nangyari?”

“Let’s talk later. Pupunta ka pa ba kay Crys?”

“I think wala na kami,” kaswal na aniya habang naglalakad sa parking lot.

Nanlaki ang mga mata ni Jun-Jun. “Kailan pa?”

“A minute ago? Ewan. Basta. I won’t see her again.” He shrugged.

“Ang sabihin mo, nagsawa ka na sa kanya. Gusto mong tumikim ng bagong putahe.”

“You say it as if it’s a bad thing.”

Tumawa lang ang kaibigan at sumakay na sila pareho sa kotse ni Adry. Umarangkada ang *Audi* papunta sa condo ni Mao sa may Roxas Blvd.

“Ano ba’ng pinakain sa ’yo ng Ria na ’yun at para yatang handa kang mag-suicide para sa kanya?” tanong ni Mao kay Jun-Jun, nang marating nila ang pakay.

“Ang lakas nga ng tama,” sagot ni Jun-Jun.

Nakaupo sina Mao at Jun-Jun sa magkatapat na silya na nakapaligid sa narra na mesa, habang nakasandal si Adry sa may stainless railing ng balkonahe ng condo. Si Mark naman ay kasalukuyang naghahanda ng pagkain sa loob ng unit kasama ang nobya nito.

“Ano’ng pangalan, Adry?” baling ni Mao sa kanya.

“Ria. Twenty-four, cellist ng *National Philharmonic* at isang buwan nang pinagnanasaan ni Jun na mahalikan,” sagot niya sabay inom ng alak sa goblet na hawak.

“Ganda ng pangalan, Jun, ah,” biro nito sa kaibigan nila. “Ria... parang hanging amihang naligaw sa loob ng puso ng isang lalaking ang tanging hangad

lamang ay pag-ibig at katahimikan.” Napangiti si Adry at nagtaas naman ng kilay si Jun-Jun. “Ria... isang ibong malayang lumilipad sa walang hanggang himpapawid. Jun, isang walang-awang mangangaso na sa tagal nang paghahanap ay nakamasid ng isang ibong ang talas ng paglipad ay nakapagnakaw ng kanyang tinatago-tagong kamandag.”

Tuluyang tumawa sina Adry at Jun-Jun. Umarangkada na naman si Marco Enrico Urbaneda, *BS Tourism* graduate sa *UST*, anak ng may-ari ng isang resort sa El Nido, chinito, habulin ng mga chicks at pinakamatangkad sa magbabarkada.

Noon naman lumabas si Mark mula sa glass door at inihain sa mesa ang isang plato ng umuusok na sisig. Iyon ang specialty ni Mark Martin Cortillard, isang film editor, matalino, medyo maliit kaysa kay Adry, palabiro, hari ng imahinasyon, guwapo, nature-lover at ang nilalapitan nina Mao at Jun-Jun kung kinakailangan nila ng payo o ng matatakbuhan.

“Pinatatanong ni Nadine kung ano raw ang pabango mo. Amoy daw hanggang sa may elevator,” anito sa kanya.

“Nadine? ’Yun ba ’yung girl na dinala mo?” tanong ni Adry.

“Hey,” sabi ni Mark bago pumasok muli sa bahay. “No touchy.”

“Sira talaga ’yang si Mark. Masyadong possessive sa babae,” ani Mao nang hindi na sila naririnig ng kaibigan. “Anyway, ano’ng sabi sa ’yo kanina?” baling kay Jun-Jun na as usual, si Ria pa rin ang tinutukoy.

“Tinanong ako kung ba’t daw ako nandoon. Sabi ko I won’t let her go that easy. Sabi niya, she’s not worth it. ’Tapos, tinanong ko kung puwede ko siyang bisitahin sa apartment n’ya sa Sta. Mesa. Hindi pumayag sabay alis,” sagot ni Jun-Jun.

Umalis si Adry sa pagkakasandal niya sa railing at naglakad patungo sa mesa, hawak-hawak ang nangangalahating glass goblet. “So, what’s your plan now, Jun?”

“Wala pa,” sagot nito, nag-iisip. “Kaw, Mao, ano sa tingin mo ang dapat kong gawin?”

“I think you have to do something, not just the typical courting,” sagot ng kaibigang may lahing Chinese.

Napaisip nang tuluyan si Jun-Jun. Bago pa ito nakasagot, naringgan na nila ang pagtawag ni Mark kay Mao. Iniwan sila nito para alamin kung anong kailangan ng kaibigang film editor.

“Pare,” ani Jun-Jun kay Adry nang sila na lang dalawa ang naiwan sa balkonahe. “Ang tanging paraan na lang yata para mapalapit siya sa akin ay kung kailangan n’ya ng karamay o kaya ng kausap.”

Tumango siya at ipinatong ang goblet sa mesa. “So... what’s your plan?”

Tiningnan siya ng best friend at sinabi, “Can I ask you a favor?”

“Sure. Anything.”

“I was just thinking. Well... can you make her fall for you?”

Napakunot-noo siya. Kaagad siyang nalito sa plano ni Jun-Jun. “Make her fall in love?”

“Then just break up with her.”

Tinamaan nang husto si Adry. Seryoso si Jun-Jun at alam nila pareho na sanay siyang gawin iyon. Kaso, hindi pa nangyari na pinutol niya ang pakikipagrelasyon dahil sa isang kaibigan. Kinabahan siya. Paiibigin niya si Ria, pagkatapos gagaguhin niya para may pagkakataon si Jun-Jun na ipadama rito ang alagang dati pa nito nais ipahatid?

“Jun, parang ang daming sayad sa plano mo.”

“No one’ll never know, Adry. Besides, I’m in a desperate state now. I badly need your help.”

“What if... what if I fall in love with that girl?”
tanong ni Adry.

“Yeah, right. Like that’s going to happen. You’ve never fallen in love before,” kumpiyansang anito. “At sa gaya niya pa? I dont’ think so, Pare.”

“We’ll never know,” pagbabakasakali ng binata.

“Oh, come on, Adry! Look, you seem to hate her. Just pretend you like her. Gawin mo lahat para mapaibig mo siya then, after a month, I’ll enter the scene and you leave.”

Tumingin si Adry sa labas at tinitigan ang kahabaan ng Baywalk sa harap niya. Ilang sandali lang, sinabi niya, “Promise me you’ll never bother her again once our plan fails.”

Napangiti ito. “You’re the best, Adry.”

Pero sa kaloob-looban niya, hindi niya gaanong maintindihan kung bakit hindi pa rin napapanatag ang kanyang isip.

Wala na rin sila ni Bianca. Sa nangyaring ito,

nakahinga na nang maluwag si Adrian. Two down in a week.

Habang tinitingnan niya ang makina ng bagong labas na puting kotse ng Vezo, hindi pa rin siya makapaniwalang napa-oo siya ni Jun-Jun para sa isang kasunduang brutal. Kahit medyo nagalingan siya sa takbo ng pag-iisip ng best friend, hindi niya alam kung bakit parang natatakot siyang gawin iyon.

Ano ka ba naman, Adry. Kaya mo ito. It would be like getting candy from a little brat.

“Parang masyado ka pa yatang bata para halughugin ang kotse ng iba,” sabi ng isang matandang boses mula sa likod ng binata.

Tumalikod si Adry at nakita ang matandang payat na si Mr. Domingo Sanchez, vice-president ng kompanya.

“Kayo po pala,” bati niya rito. “Tsine-check ko lang po ’yung loob, just to be certain. After all, next week, this car’s heading for British ownership.”

“Congratulations nga pala. What you did in London is remarkable,” ani Sanchez. “I saw you the previous night sa may *Meralco Theater*. You’re asleep.”

Medyo napahiya si Adry kaya ngumiti na lang

siya. “Ayaw ko naman po talagang pumunta doon, pero pinilit ako n’ung kaibigan ko.”

Tumango si Mr. Sanchez at lumapit. “So your friend is into that kind of music, huh?”

“Don’t know. Dati pa kasi ’yung lasing sa musika.”

Tumawa ang matanda. “Really? I suppose, he’ll be glad to know that *Philharmonic* will be playing again in *Araneta* tonight. I’ll see you there, perhaps?”

Ngumiti si Adry; isang sunggab ng biglaang kasiyahan at katusuhan ang sumapuso.

Hindi niya sinabi kay Jun-Jun ang tungkol sa gig ng orchestra. Ayaw niyang magtanong ng mga bagay-bagay sa matalik na kaibigan tungkol kay de Guzman. Hindi ganoon dumiskarte si Adry. Ang gusto niya, may hirap muna siyang dadaanan bago makuha ang kayamanan.

Katulad dati, inantok siya habang nanonood ng orchestra ngunit nagigising sa tuwing ang tugtog ay biglang lalakas o bibilis.

Matapos ang konsyerto, kinuha niya ang isang bouquet ng bulaklak at nagtungo sa backstage. Binayaran niya ang isang boy para tawagin si Ria mula sa dressing room. Pero wala na raw sa loob ang

babae; nakasibat na.

Damn. Umalis si Adry na walang napala kundi tulog. Hindi na niya tinanong ang mga kasamahan ni Ria.

Lumabas siya at inabutan ng ulan sa pagpunta sa *Audi*. Nang makasakay, itinapon niya sa backseat ang mga bulaklak at sinimulang lumabas ng parking lot. Palabas na nga siya nang makita sa kalagitnaan ng ulan ang isang babaeng basang-basa at may dalang isang case ng tila malaking gitara.

Nagpaka-gentleman siya at huminto sa tapat ng babaeng halatang naghihintay ng masasakyan. Nagitla ito nang pagbuksan ni Adry ang pinto ng kotse.

“What’re you waiting for?” aniya.

“I can manage, thanks,” sagot ng babae at tiningnan ang dulo ng kalsada para sa bus o jeep.

“Well...” Tumingin din si Adry sa tinitingnan nito. “It looks like you can manage staying here alive.”

He heard her hiss. “As if namang bigla na lang akong tatagain dito. Excuse me, Sir, pero I’m—”

Wala nang magagawa si Adry. Kaagad niyang nilapitan ang babae at hinalikan ito sa labi,

pagkatapos, nang makuha niya nang husto ang atensyon nito, kinarga niya ito pasakay sa front seat at isinara ang pinto niyon. Umikot si Adry sa kabila at ipinasok ang malaking gitara sa compartment.

Nang makasakay siya at maisara ang pinto, nakatikim kaagad siya ng sampal sa mukha.

Napangiti siya. Medyo mainit ang sampal at basang-basa siya ng ulan. Hinarap niya ang babae at nagsimulang magmaneho.

“Let me out of this car,” demand ng babae. “Get me out or I’ll sue you! Let me out!”

“Either you stay in this car or I’ll kiss you again.”

Napatahimik ang babae sandali. Ngunit agad ding naghihimagsik na suminghal nang makapag-isip. “Ang kapal din naman ng mukha mo! Pilit mo na nga akong isinakay without any introduction man lang, then you kissed me unaware! My God, Mister Feeling Guwapo, I can accuse you of kidnapping and sexual harassment!”

“Harassment? Don’t overreact. I did it kasi you’re too proud to accept a man’s help.”

“And you’re too suspicious to be a gentleman! Just let me out, please. Bababa na lang ako sa may

Petron d'yan.”

“Kung tumutulong ako, nilulubos-lubos ko na. At saka, bakit ba napakalaking deal ito para sa 'yo? Hindi po ako rapist nor sabik may makatabing babae sa kama.”

“Bakit ba ayaw mo na lang akong ibaba? I told you I can manage,” hiyaw pa rin nito.

“No. S'an ka ba nakatira?” “D'yan nga lang sa may *Petron.*”

“I don't think so. Alam mo, Miss, wala akong alam na matinong tao na nag-aabang ng sakay sa pinaghihintayan mo kanina papunta rito. You're waiting for a bus going to Manila.”

Nagtaas ng kilay ang babae at sumandal. Nagbuntong-hininga ito bago nagsalita. “Sta. Mesa.”

Mula roon ay nakita ni Adry ang babae sa anyo nitong umakit kaagad sa kanya. Ang mga mata nito ay parang dalawang malikot na bituin sa medyo madilim na loob ng kotse. May kaputian ang balat at ang buhok ay hanggang leeg. Sa tantiya niya, mga 5'5” ito. Basang-basa ang damit at mukha nito.

Nang mapansin nitong tinitingnan niya ito, babala nito, “Mas worthy na tingnan ang dinaraan

mo kaysa sa akin.”

Bumaling si Adry sa kalye at humugot ng isang tuyong handkerchief mula sa bulsa. Ibinigay niya ito sa magandang babae. “Here.”

Nag-alinlangan ang huli ngunit tinanggap din iyon at ipinampunas sa mukha. Nagtangka siyang magbukas ng conversation ngunit hindi sumasagot ang babae. Nang makarating na sila sa tapat ng isang apartment sa Sta. Mesa, binuksan ng dalaga ang side door at lumabas. Sumunod si Adry para kunin ang cello mula sa likod ng sasakyan.

“Thanks,” sabi nito sa kanya.

“Are you sure kaya mo ’yang buhatin?”

“Dala ko na ito kanina pa bago ka sumulpot.”

Hindi niya pinansin ang sarkasmo nito. “Wait... hindi pa pala tayo nakakapagpakilala. I’m Adrian nga pala.” Inabot niya ang kanyang kamay. Tiningnan lang siya ng babae. “Oh, come on.”

“Ria.” Ngumiti ang babae at dinala ang cello patungo sa loob ng apartment.

Napangiti lang din si Adry, halos mapatawa. *Grabe ang babaeng ’to. I never thought na ganito kasira si Jun para ma-in love dito.*

3

Noon lang napagtanto ni Adry na ang hirap pa lang ma-contact ni Ria. Nakuha niya ang numero nito mula kay Jun-Jun ngunit hindi sinasagot ng dalaga ang mga tawag niya sa cellphone. Saka lang sinabi ng kaibigan na hindi nito sinasagot ang mga numerong hindi nakarehistro sa phonebook nito.

Nadulas ang dila niya at nabanggit kung papaano niya natagpuan si Ria at kinuwestyon kaagad siya ni Jun kung bakit hindi niya sinabi na may konsyerto pala ang *Philharmonic* sa *Araneta* noong maulang gabing iyon. Mabuti na lamang at magaling magpalusot si Adry.

Halos mag-iisang linggo na ring hindi niya nakikita si Ria. Hindi nga nito sinasagot ang phone at wala lagi ito sa apartment sa tuwing dadalawin niya. Pinapaiwan na lang ni Adry ang tsokolateng dala nito sa kapitbahay na hinala niyang ubos na bago pa maibigay sa dalaga.

“Ano ba talaga ang problema ng Ria na ’yun?” tanong niya kay Jun-Jun habang nagte-tennis sila sa court sa bahay ng mga magulang niya.

“Huh? Wala ‘no. Ganoon lang talaga ‘yun,” sagot ng kaibigan at pinalo nang malakas ang berdeng bola papunta sa kanya. “Kaya mo naman ‘yan. Ikaw pa.”

Natawa si Adry sa ideyang parang negosyante kung mag-salestalk si Jun-Jun. “Almost a week ko na siyang hindi nakikita.” Pinalo niya ang bola na hindi naidepensa ng best friend niya.

“Ano ba’ng balak mo?”

“What’s her weakness ba?”

“Well...” Nag-iisip na naglakad si Jun-Jun patungo sa sementadong upuan sa gilid ng laruan at naupo roon. “I can’t think of any, Man. I mean, she’s not the type that would say those things to me that easy.”

Nasa laruan pa rin si Adry at medyo hingal na. Basang-basa na sa pawis ang puti niyang polo shirt. “Come on. I need your full support here.”

Tumingin ito sa kanya. “Hindi magagawang i-magic ng mga mata mo ‘yang si Ria, Pare, if you’re thinking of doing that corny stunt on her.”

Tumawa lang si Adry at lumapit dito. “Laos na ‘yung stunt na ‘yun, Jun. Besides para namang magpapahalik ulit ‘yun sa akin.”

“Wha... what! Anong—”

Shit, nadulas na naman! “I mean... kung may chance na mahahalikan ko siya... you know, to—”

“You already kissed her!” siguradong deklara ni Jun-Jun.

“I wouldn’t put it that way, Jun.”

“I can’t believe you, Man. Hindi pa kayo nagkikita ni minsan ’tapos bigla mo na lang sinunggaban?”

“Cool ka lang. It wasn’t a serious kiss. Basang-basa na kami sa ulan at mataas pa sa sikat ng araw tuwing tanghali ang pride n’ya noon!”

“Ano’ng sabi n’ya after?”

Iniiwas niya ang mukha rito. “Little chat lang. ’Yun.”

“Baka naman the next time na tarayan ka niya, bigla mo na siyang dalhin sa motel ha. Bubugbugin na talaga kita,” seryosong anito.

“If you want her to be yours, then let me do my thing, Jun.”

“Ano? So you’ll have her first before I do?”

Selos na si Pare. Ngumiti lang si Adry, may naisip. “Let’s just say I’ll test whether the food is poisonous before the president eats it.”

Hindi iyon nagustuhan ni Jun-Jun.

Nakagayak na si Ria de Guzman at hinihintay na ng kanyang close friends sa labas ng silid. Bago siya umalis, may kinuha siya mula sa kanyang kuwarto at isinuksok sa shoulder bag. Pagkalabas niya, nakita kaagad niya sina Anne Sampaloc, manunulat sa isang pahayagan at si Jem Villaseñor, isang band singer.

“What time is it na?” sabi ni Jem matapos paghintayin ng sampung minuto sa labas ng apartment.

“Sabi ko naman pumasok kayo pero, you preferred to stay here to maintain your poses,” sagot ni Ria. “Bakit n’yo nga pala akong pinagmadaling magbihis?”

“It’s urgent. Mamimili lang daw si Jem sa Makati para sa next gig n’ya,” sagot ni Anne habang naglalakad na ang tatlo sa may sidewalk.

“Sa Makati? Ba’t dun pa? Meron naman d’yang Divisoria at ukay. Lalo pa tayong malalayo,” sabi ni Ria.

“Minsan lang naman mag-feeling mayaman, ito namang si Ria. Anyway, may alam ako doong

sophisticated store, pinsan ko ang store manager kaya makakakuha ako ng discount,” sabi ni Jem.

“Gig ba ’yan o date?” usisa niya.

“We’re both in the music business, Ria. You know, we have to look good so our audience will not only appreciate our talent, but our appearance as well,” ani Jem.

Nagbibiyaha ang magkakaibigan patungo sa may *Glorietta* mayamaya.

“Ria?” untag ni Jem. “Ba’t hindi ka pa nagnonoby?”

“I have more dreams to grant than hearts to answer,” matalinhagang sagot niya.

“Grabe ka ha,” nakangiting ani Anne. “Puwede ka ring makata.”

“Ano ba’ng requirements mo sa lalaking magpapatibok ng puso mo?” tanong ni Jem.

“Wala sa akin ang physique. Gusto ko lang hindi ako lolokohin at mamahalin ako magpakailanman...”

“Amen,” sabay na dugtong nina Anne at Jem; pareho ring tumawa ang mga ito pagkatapos.

“Eh, di ba, halos lahat ng nanliligaw sa ’yo ay

kayang-kaya 'yung iparamdam?” saad ni Anne.

Pumasok sila sa isang prestihiyosong tindahan at namili kaagad ng mga damit si Jem para isukat nang hindi man lamang tinitingnan ang presyo.

“Yes, but I believe that kung siya na nga, lilitaw na lang siya and you’ll know he’s the one na,” sabi ni Ria.

“Si Jun-Jun. Guwapo 'yun, ah, at professional pa, Ria. He’s hardworking and quite serious in relationships. Hindi ka noon lolokohin,” alok ni Anne.

“Isang buwan ko pa lang nakikilala 'yun.”

“What do you want, mamanhikan siya at magsibak ng kahoy for two years?”

“I just know hindi si Jun-Jun ang para sa akin.”

“Having a relationship is not supposed to be out of pressure, but you’re quite overreacting. Mag-try ka lang magkaroon,” tila sermon ng kaibigan. “How about that mysterious man who kissed you that night?”

Naalala ni Ria ang lalaking pilit nagpasakay sa kanya sa kotse kamakailan. Hindi niya aakalaing may mga driver pang ganoon—titigil sa gitna ng malakas na ulan para lang pasakayin siya at ihatid. Pero...

Naasar pa rin siya sa paraan ng panghihikayat nito para sumama siya. Hindi pa siya nahahalikan ng kahit sinong lalaki lalung-lalo na ng hindi pa niya nakikilala! Malaking dagok iyon sa kanyang pagkababae!

Hinipo ni Ria ang kanyang mga labi. Ibang humalik ang guwapong lalaki. Parang... parang may halong expertise at...basta.

“Eh, ano ba kasing ginawa mo matapos kang pasakayin?” tanong ni Anne habang namimili na rin ng damit.

“Sinampal ko.”

“Sinampal mo? Bakit?”

“Ikaw ba naman ang halikan bigla para lamang pasakayin ka sa kotse.”

“Aba! Sasamantalain ko na ang buhos ng ulan. Wala akong pakialam kung magkasakit man ako,” sagot ni Anne. “Saka, nagpapaka-gentleman lang naman ’yung tao, eh. Saka ma-pride ka kasi at maingat. Aminin mo na kasi na type mo rin si Papa!”

“Malay ko ba kung mahilig ’yun.”

“Wag ka ngang ambisyosa! Naku, sa lagay mong ’yan, walang papatol sa ’yo!”

Napangiting hinampas niya ng hanger ng tindahan ang manunulat na kaibigan.

Nang walang mapiling mura si Jem, nagkunwari itong hindi nagustuhan ang mga paninda at inaya na sila palabas ng store.

“Pare,” sabi ni Adry habang papasok sila sa music store na pinili ni Jun-Jun. “What’re we doing here?”

“Hindi ba obvious?” sabi ni Jun-Jun. “I’m looking for a violin.”

“Marunong ka?” natatawang ani Adry habang hinahawakan ang tiklado ng isang pinagbebang organ.

“It’s for my soulmate,” sagot ng matalik na kaibigan.

“Control yourself, Pare. Nao-obsess ka na yata.”

“I don’t really care kung ganoon nga,” pabalewalang sagot nito.

“Look,” inakbayan ni Adry si Jun-Jun. “You’ve been courting her for a month at mukhang wala ka namang pag-asa. Give it a rest, Jun.”

“I can’t, Adry.” Hinarap siya nito. “Palibhasa kasi

you're always dating girls just because they're sexy or good kissers. I really like this musician and I'm willing to sacrifice many things just to have her in my life." Seryoso ang mukha ng lalaki.

"Kahit ba mga matalik mong kaibigan?" tanong ni Adrian.

Tumunog ang cellphone ni Jun-Jun at tumalikod ito para sagutin ang tawag. Umiling si Adry at nagtingin pa ng mga biyolin na nakasabit sa bubog na pader ng tindahan. Nilapitan siya ng isang empleyado at nagsimulang mag-alok. "Sir, these are our newest violins imported from Italy..."

May kinuha si Adry na isa sa mga itinuro nito at inobserbahan iyon.

"Sir, you can try it if you want," alok pa ng empleyado. "Yan po ang pinakamahal naming violin dito. It's actually imported and the wood used is of very sophisticated composition..." Hinawakan ni Adry ang bow.

Hindi na nag-abalang pumasok si Ria sa tindahang sinasabi ni Jem kanina pa. Medyo masakit na rin ang mga paa niya at naubusan na siya ng pera kabibili ng grocery supplies. Habang sina Anne at

Jem ay nagsusukat sa loob, nagbuntong-hininga si Ria at naalala muli ang misteryosong lalaki. Hindi niya lubusang maalis sa isipan ang mga mata niyon, halatang may dugong Europeo o anupaman.

Babalikan na sana niya ang mga kaibigan nang may narinig siyang tunog na umakit kaagad sa kanyang pandinig. Dala ang medyo magaan na plastic bag, hinanap niya kung saan nanggagaling ang tunog. Nakita niya sa likod ng bubog na pader si Adrian, ang binatang sumagip sa kanya noong maulang gabi. Ito ang tumutugtog ng biyolin.

Papasok pa lamang si Ria ay nakita na siya kaagad ni Jun-Jun. Nilapitan siya nito.

“Ria, hi... kumusta ka na?” bati ng lalaki.

“Ayos lang ako, Jun. Ano’ng ginagawa mo rito?” medyo dismayadong aniya.

“May...” tinapunan nito ng tingin si Adrian, bago ibinalik ang mata sa kanya, “...may tinitingnan lang ang kaibigan ko. Ikaw? Ano’ng ginagawa mo rito?”

“May pinamili lang ako.” Noon naman dumating mula sa likuran niya sina Jem at Anne.

“Hi,” bati ng dalawa sa kanyang manliligaw.

“Hindi mo ba kami ipakikilala?” tanong ni Jem habang patuloy ang pagngiti kay Jun-Jun.

Wala sa loob na ipinakilala niya ang mga ito habang ang mga mata ay nakatuon kay Adrian na may kinakausap na isang lalaking empleyado ng tindahan. Nagkamay naman ang tatlo.

“Kumain na kayo?” tanong ni Jun-Jun sa kanila.

“Busog pa kami, Jun,” ani Ria.

“Let me help you with those groceries,” sabi ng binata.

Lumipat ang tingin niya rito nang akmang kukunin nito ang plastic bag na dala niya. “No, it’s okay. I can manage. Thanks na lang,” tanggi niya.

“Hayaan mo na ’yan, Jun,” isang boses mula sa likuran ni Jun-Jun ang nagsabi. “Sinabi rin n’ya sa akin ’yan but I bet she can’t always do that completely.” Dere-derechong lumabas si Adry mula sa music store na may dalang violin case pagkatapos. Napabaling dito ang apat at napanganga sina Jem at Anne sa kaguwapuhan ng binata.